



---

ECONOMIC DEVELOPMENT AUTHORITY

## Aplikasyon para sa Kaloob ng NJEDA

Programang Kaloob na Tulong Pang-Emergency para sa Maliit na Negosyo ng NJEDA

### Maligayang Pagdating

Ang aplikasyong ito ay para sa [NJEDA Small Business Emergency Assistance Grant Program](#).

Ang pagpopondo ay sasailalim sa pagkakaroon ng mga Pondo ng Programa. Susuriin ang mga aplikasyon ayon sa batayang “first come, first submitted”.

Dapat tapusin ang aplikasyon ng isang Awtorisadong Lumalagda (may-ari, CEO, o opisyal na may katulad na ranggo) ng iyong negosyo.

### Pagiging Karapat-dapat

Mayroon kang 25 o mas kaunting Regular na Empleyadong Katumbas ng W2.

Oo

Ikaw ay nasa mabuting katayuan sa Kagawaran ng Paggawa at Pag-unlad ng Manggagawa ng New Jersey (New Jersey Department of Labor & Workforce Development o DOL).

Oo

Kasalukuyan kang nakarehistro bilang isang negosyo sa Kagawaran ng Pananalapi ng New Jersey, Sangay ng Pagbubuwis (New Jersey Department of Treasury, Division of Taxation).

Oo

Wala kang alam na anumang kakulangan sa pag-uulat at bayad sa lahat ng pananagutan sa Kagawaran ng Pananalapi, Sangay ng Pagbubuwis.

Oo

### Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Iyong Pangalan

John Doe

Pangalan ng Negosyo

Sample LLC

Nagnenegosyo Bilang (DBA)

Halimbawa

Telepono

Website

(111) 111-1111

sample.com

**Email**

sample@sample.com

**Email (kumpirmahin)**

sample@sample.com

**Pangunahing Address ng Negosyo**

1234 Sample Street, Trenton, New Jersey 08625

**Si John Doe ay isang Awtorisadong Lumalagda (may-ari, CEO, o opisyal na may katulad na ranggo) ng Sample LLC.**

Oo

## Iyong Negosyo

**Uri ng Entidad**

C-Korporasyon

**Taon nang Itinatag**

2000

**Mga Empleyadong W2 (Regular)**

15

**Mga Empleyadong W2  
(Pansamantala)**

5

**Mga 1099 na Contractor  
(Lahat)**

5

**Taxpayer Identification Numbers (TIN)**

12-3456789

**Nakikilala ba ang iyong kompanya bilang alinman sa sumusunod?**

Maliit na Negosyo

Pag-aari ng Minoridad

Pag-aari ng Babae

Pag-aari ng Beterano

Pag-aari ng May Kapansanan

## Iyong Industriya

**Alam mo ba ang NAICS code ng iyong negosyo?**

Hindi

## Tagahanap ng NAICS Code

**Sektor**

Tingiang Kalakal

**Industriya**

445120

## Paglalarawan

Binubuo ang industriyang ito ng mga establisimiyentong kilala bilang mga tindahan o tindahan ng pagkain (maliban sa mga may kasamang gasolinahan) na pangunahing nagsasagawa ng pagtitingi ng limitadong linya ng mga produkto na karaniwang kabilang ang gatas, tinapay, soft drink, at miryenda.

## Beripikasyon ng NAICS Code

### NAICS Code: 445120

Kinukumpirma ko na ang NAICS code ng Sample LLC ay 445120.

Oo

## Mga Detalye ng Negosyo

Ang Sample LLC ba ay negosyong nasa bahay?

Hindi

Pinagdarausan ba ang Sample LLC ng sugal o mga gawaing paglalaro?

Hindi

Nagsasagawa o naghahatid ba ang Sample LLC ng mga gawain, serbisyo, produkto o materyales na “pang-adulto”?

Hindi

Nagsasagawa ba ang Sample LLC ng mga subasta, pagbebenta ng pag-aari ng nabangkarote, “natapos na pag-upa,” “negosyong hihinto,” o mga katulad na pagbebenta?

Hindi

Ang Sample LLC ba ay isang pansamantalang mangangalakal (“tagapaglako,” “lumilitaw na tindahan,” o “naglilibot na mangangalakal”)?

Hindi

Ang Sample LLC ba ay isang kompanya ng imbakan sa labas?

Hindi

Nagsasagawa ba ang Sample LLC ng anumang aktibidad na maaaring magdulot ng pinsala?

Hindi

Nagsasagawa ba ang Sample LLC ng negosyo para sa anumang layuning labag sa batas?

Hindi

## Epekto ng COVID-19

Itinuturing ka bang isang Mahalagang Negosyo ayon sa itinakda sa Kautusang Tagapagpaganap ni Gobernador Murphy?

Oo

Nagawa mo bang manatiling bukas o muling nagbukas mula Marso 9, 2020?

Oo

Hanggang sa anong kapasidad ka naging bukas?

50%

## Mga Kita

### Paghahambing ng Kita

Marso, Abril, Mayo (2019)

\$100,000.00

Marso, Abril, Mayo (2020)

\$50,000.00

Pagbabago Taun-Taon

-50%

## Sinumpaang pahayag ng DOB

Ako, si John Doe ay isang Awtorisadong Lumalagda para sa Sample LLC, at ipinapahayag at pinatutunayan ko sa Gobyernong Pederal ng Estados Unidos at sa NJEDA ang sumusunod:  
Oo

## Iba pang Tulong sa COVID-19

Nag-apply ka ba ng tulong para sa COVID-19 sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na programa?

**Ang Phase 1 ng Programang Kaloob na Tulong Pang-Emergency para sa Maliit na Negosyo ng NJEDA**

Hindi

**Ang Programang Tulong na Utang na Pang-Emergency para sa Maliit na Negosyo ng NJEDA**

Hindi

**Ang Programang Proteksyon sa Suweldo ng Pederal (Paycheck Protection Programa o PPP)**

Oo

## Mga Detalye ng SBAPPP

**Katayuan ng PPP**  
Aprubado

**Petsa ng Pag-apruba**  
5/6/2020

**Halagang Inaprubahan**  
\$10,000.00

**Mga Layunin ng mga Pondo**  
Payroll Upa/Sangla  
Pangkalahatang serbisyo

**Ang programang Pautang para sa Pinsala sa Kabuhayan dulot ng Kalamidad (Economic Injury Disaster Loan o EIDL) ng pederal**

Hindi

**Ang programang Kaloob para sa Pinsala sa Kabuhayan dulot ng Kalamidad (Economic Injury Disaster Grant o EIDG) ng pederal**

Oo

## Mga Detalye ng SBAEIDG

**Katayuan ng EIDG**  
Aprubado

**Petsa ng Pag-apruba**  
4/29/2020

**Halagang Inaprubahan**  
\$10,000.00

**Mga Layunin ng Pondo**  
Mga Pangkalahatang Serbisyo

**Isa pang programa sa pamamagitan ng alinmang estado o lokal na munisipyo**

Hindi

## Karagdagang Impormasyon ng Karanasan

Saklaw ang mga negosyong nag-a-apply para maging karapat-dapat sa mga programa ng NJEDA sa mga Regulasyon sa Diskuwalipikasyon/Pagbubukod (ang "Mga Regulasyon"), na isinasaad sa N.J.A.C. 19:30-2.1, et seq. Kailangang sagutin ng mga aplikante ang sumusunod na tanong sa karanasan tungkol sa paggawa ng ilang pagkilos na maaaring humantong sa pagbubukod o diskuwalipikasyon mula sa pagiging karapat-dapat sa ilalim ng mga Regulasyon.

Lahat ng salitang nasa malaking titik na ginamit sa Palatanungang ito, maliban sa mga binigyang-kahulugan saanman dito, ay bibigyang-kahulugan sa ibaba ng form na ito.

**Ang Aplikante, sinumang opisyal o mga direktor ng Aplikante, o sinumang Kaanib (magkakasamang tinatawag na “Kontroladong Grupo”) ay napatunayang nagkasala, may pananagutan o responsable sa anumang Paglilitis para sa alinman sa mga sumusunod na paglabag o pagkilos? (Kailangang iulat ang anumang pasya o hatol na sibil o kriminal na iniurong o binura).**

1. Nahatulan at/o napatunayang nagkasala at/o umamin ng kasalanan at/o nagbayad ng piyansa o kung hindi ay nagbayad upang ayusin ang anumang paratang na ginawa ng gobyerno sa alinmang korte dahil sa anumang paglabag sa batas bukod sa maliliit na pagkakasala sa trapiko.

**Tanong sa Karanasan 1**

Hindi

2. Hindi binigyan ng lisensya o permiso na kailangan upang magsagawa ng negosyo o propesyon nito o nasuspinde o napawalang-bisa ang alinmang lisensya o permiso ng alinmang gobyerno?

**Tanong sa Karanasan 2**

Hindi

3. Nasuspinde, ibinukod, hindi kuwalipikado, hindi binigyan ng grado ng klasipikasyon o paunang kuwalipikasyon o kung hindi ay nadeklarang hindi responsableng tumawad o magsumite ng form ng paunang kuwalipikasyon sa o magsagawa ng trabaho sa alinmang subcontract ng pampublikong kontratista?

**Tanong sa Karanasan 3**

Hindi

4. Nilabag nang malubha ang mga tuntunin ng isang pampublikong kasunduan o transaksyon na nakaapekto sa integridad ng isang programa ng ahensya?

**Tanong sa Karanasan 4**

Hindi

5. Nagkaroon ng utos sa pagpigil, utos o prendang ipinasok laban dito na pabor sa alinmang ahensya ng gobyerno kabilang ngunit hindi limitado sa mga hatol o prendang batay sa mga tinayang buwis o mga multa at parusang ipinataw ng alinmang ahensya ng gobyerno?

**Tanong sa Karanasan 5**

Hindi

6. Kasalukuyan bang nasasakdal ang aplikante o kung hindi ay kinasuhan nang kriminal o sibil ng isang negosyo ng gobyerno sa paggawa ng paglabag sa batas?

**Tanong sa Karanasan 6**

Hindi

## **Karagdagang Impormasyon**

Tinataglay ng Awtoridad ang karapatang humingi ng karagdagang impormasyon na naglilinaw o nagpapaliwanag mula sa aplikante (“Aplikante”) tungkol sa mga ibinigay na sagot. Kung, sa anumang panahon bago ang pagkilos ng lupon sa aplikasyong ito, o, sa anumang panahon sa pagitan ng petsa ng naturang pagkilos at ang pagpapatupad ng isang kasunduan ng kaloob sa Awtoridad, dapat malaman ng Aplikante ang anumang katotohanan na mahalagang mag-iiba o magbabago sa mga naturang sagot, o gagawin ang alinman sa mga ito na hindi kumpleto, may tungkulin ang Aplikante na kaagad iulat ang naturang mga katotohanan sa Awtoridad sa

pagsulat

## Sertipikasyon ng Aplikasyon

Ang pagiging karapat-dapat sa tulong na pananalapi ng Awtoridad sa Pag-unlad ng Ekonomiya sa New Jersey (NJEDA) ay ipinapasya sa pamamagitan ng impormasyong ipinapakita sa aplikasyong ito. Anumang pagbabago sa katayuan ng panukalang proyekto mula sa mga katotohanang ipinakita rito ay maaaring magdiskuwalipika sa proyekto.

Tanging mga Miyembro ng Lupon ng lupon tagapamahala ng partikular na programa kung saan ka nag-a-apply, sa pamamagitan ng resolusyon, ang maaaring kumilos upang magpasya sa pagiging karapat-dapat ng proyekto at upang magpahintulot sa paglalabas ng mga pondo.

### **AKO, ANG NAKALAGDA, NA PINANUNUMPA AY NAGSASABI NA:**

**1. Naiintindihan ko na kung ang naturang impormasyon ay sinadyang mali, sasailalim ako sa paglilitis sa ilalim ng**

**N.J.S.A. 2C:28-2 at sibil na sakdal ng EDA na maaaring wakasan ang tulong na pananalapi nito ayon sa pagpili nito.**

Oo

**2. Pinahihintulutan ko ang Kagawaran ng Batas at Kaligtasang Pampubliko (Department of Law and Public Safety) ng New Jersey na beripikahin ang anumang (mga) sagot na nilalaman dito sa pamamagitan ng paghahanap sa mga talaan nito, o mga tala na mayroon itong access, at na ilabas ang mga resulta ng naturang pananaliksik sa EDA.**

Oo

**3. Pinatutunayan ko na ang kompanya ay gagawa ng puspusang pagsisikap na hindi pagbakasyunin o tanggalin ang sinumang indibidwal mula sa panahon ng aplikasyon hanggang anim na buwan matapos ang pagwawakas ng nakadeklarang estado ng kagipitan. Kung napagbakasyon o natanggal ko na ang mga manggagawa, dapat akong gumawa ng pangakong puspusang pagsisikap na muling pagtrabahuin ang mga manggagawang iyon sa lalong madaling panahon. Maaaring magresulta ang anumang malaking paglabag dito sa sertipikasyon ng puspusang pagsisikap sa pagsasauli ng kaloob sa NJEDA.**

Oo

**4. Pinatutunayan ko na ang kompanya ay naapektuhan nang masama ng idineklarang estado ng kagipitan dahil sa COVID-19 (hal. pansamantalang nagsara, kinailangang magbawas ng oras, nagkaroon ng hindi bababa sa 20% pagbaba ng kita, naapektuhan nang masama ng mga empleyadong hindi makapagtrabaho dahil sa biglang paglitaw ng virus, o may supply chain na naputol nang malakihan at kaya pinabagal ang produksyon sa antas ng kompanya).**

Oo

**5. Pinatutunayan ko na ang kompanya ay may malaking pangangailangang pananalapi na hindi mairaraos nang walang kaloob na mga pondong pagtulong sa biglaang-kagipitan sa panahong ito (hal. walang malaking reserbang pera na maaaring sumuporta sa kompanya sa panahong ito ng pagkasira ng ekonomiya)**

Oo

**6. Pinahihintulutan ko ang EDA na ibigay ang isinumiteng impormasyon dito ng o sa ngalan ng aplikante sa alinmang bangko o ahensya ng Estado na maaaring lumahok sa hiniling na kaloob sa EDA.**

Oo

**7. Kinikilala at naiintindihan ko na ang Title 18 ng United States Code Section 1001 ay: (1) ginagawang paglabag sa batas ng pederal para sa isang tao na batid at kusang-loob na (a) palsipikahin, itago, o pagtakpan ang isang mahalagang katotohanan; (b) gumawa ng anumang mali, kathang-isip, o huwad na pahayag o representasyon; O (c) gumawa o gumamit ng anumang maling kasulatan o dokumento na alam na ito ay naglalaman ng mali, kathang-isip, o huwad na pahayag o representasyon, sa alinmang sangay ng Gobyerno ng Estados Unidos; at (2) kailangan ng multa, pagkakulong nang hindi hihigit sa limang (5) taon, o pareho, na maaaring pamahalaan bilang isang krimen,**

para sa anumang paglabag sa naturang Seksyon.

Oo

8. Kinikilala at naiintindihan ko na ang Title 18 ng United States Code Section 1001 ay: (1) ginagawang paglabag sa batas ng pederal para sa isang tao na batid at kusang-loob na (a) palsipikahin, itago, o pagtakpan ang isang mahalagang katotohanan; (b) gumawa ng anumang mali, kathang-isip, o huwad na pahayag o representasyon; O (c) gumawa o gumamit ng anumang maling kasulatan o dokumento na alam na ito ay naglalaman ng mali, kathang-isip, o huwad na pahayag o representasyon, sa alinmang sangay ng Gobyerno ng Estados Unidos; at (2) kailangan ng multa, pagkakulong nang hindi hihigit sa limang (5) taon, o pareho, na maaaring pamahalaan bilang isang krimen, para sa anumang paglabag sa naturang Seksyon.

Oo

9. Pinahihintulutan ko na ang elektronikong lagda sa Aplikasyong ito at anumang Sulat ng Pag-apruba o Kasunduan ng Kaloob ay dapat sundin ng mga partido.

Oo

## **Pahayag ng Pagpapaubaya sa Batas ng Pagkapribado**

Ibinibigay ang pahayag bilang pagsunod sa mga itinatadhana ng Batas sa Pagkapribado ng Pederal (Federal Privacy Act) ng 1974 (5 U.S.C. § 552a, note) (93 P.L. 579 (1976)), na nag-aatas sa mga ahensya na ipaalam sa mga tao kapag hinihiling ang kumpidensyal na impormasyon. Hinihiling ng Economic Development Authority (“EDA”) ang iyong pahintulot na makatanggap ng impormasyon mula sa iyong Kabuuang Kita sa New Jersey, Buwis ng Negosyo ng Korporasyon, at mga ulat sa Buwis sa Pagbenta at Paggamit na may pangunahing layunin na ibigay sa EDA ang kakayahang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat para sa mga kaloob na pananalapi sa ilalim ng Batas sa Tulong sa Coronavirus, Saklolo, at Seguridad sa Kabuhayan (Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act o “CARES Act”), P.L. 116-136 (2020) ayon sa pahintulot ng batas ng New Jersey, upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat sa kaloob para sa tulong na pinangangasiwaan ng EDA alinsunod sa N.J.S.A. 34:1B-5(jj). Ang pagsisiwalat ng iyong kumpidensyal na Kabuuang Kita, Negosyo ng Korporasyon o ulat ng Buwis sa Pagbenta at Paggamit at impormasyon ng pag-uulat, kabilang ang iyong taxpayer identification number (hal., TIN at/o SSN), ay boluntaryo upang makumpirma ang pagiging karapat-dapat para sa kaloob. Maaaring humantong ang pagtanggap gawin iyon sa pagkaantala sa pagsusuri ng iyong aplikasyon, at maaaring kailanganin ang karagdagang impormasyon mula sa iyo. Sa paglagda sa pagpapaubayang nasa ibaba, pinahihintulutan mo at sumasang-ayon ka sa naturang pagsisiwalat at paggamit ayon sa nakatakda sa itaas, at ipinaubaya ang lahat ng paghahabol, maging alam man sa ngayon o sa hinaharap, na kaugnay rito.

Ako, si John Doe, awtorisadong ahente ng Sample LLC, ay humihiling, alinsunod sa N.J.S.A. 54:50-9(a), sa Opisyal ng Pagsisiwalat (Disclosure Officer) ng New Jersey Division of Taxation na isiwalat ang impormasyon mula sa Kabuuang Kita, Negosyo ng Korporasyon o mga ulat ng Pagbenta at Paggamit ng NEGOSYO para sa mga taong 2018, 2019, at 2020 sa Economic Development Authority (“EDA”) upang mapatunayan ang pagiging karapat-dapat para sa mga kaloob ng CARES Act na pinangangasiwaan ng EDA alinsunod sa N.J.S.A. 34:1B-5(jj). Pinahihintulutan ko ang Sangay na tanggapin ang mga kopya ng Awtorisasyong ito. Dapat manatiling may bisa ang Awtorisasyong ito nang siyamnapung araw mula sa petsa ng paglagda. Pinatutunayan ko na sa aking kaalaman, personal kong pinapangyari o may kapangyarihang isagawa na ang mga hiniling na ulat ay mai-file sa Sangay ng Pagbubuwis ng New Jersey. Alam ko na ang sinumang taong lumalabag sa N.J.S.A. 54:50-8 sa pamamagitan ng paghahayag, pagsisiwalat o maling paggamit ng impormasyong nakita sa mga talaan ng Direktor ay nagkasala ng isang krimen na nasa ika-apat na antas. Pinatutunayan ko na ang mga nabanggit na pahayag na ginawa ko ay totoo. Alam ko na kung ang alinman sa mga nabanggit na pahayag na ginawa ko ay sinadyang mali, sasailalim ako sa kaparusahan.

Oo

## **Kumpirmasyon**

Sample LLC  
Sample  
C-Corporation est. 2000

## **Kumpirmahin ang Nilalaman**

Mga regular na empleyado: 15



1234 Sample Street  
Trenton, New Jersey 08625  
(111) 111-1111  
sample@sample.com  
sample.com

**Mga pansamantalang empleyado: 5**  
**Mga 1099 na contractor: 5**

**Mahalagang negosyo: Oo**  
**Nanatiling bukas o muling nagbukas: Oo**

**Pagbabago ng kita sa Marso/Abril/Mayo: -**  
**50%**

**Ang impormasyong aking ibinigay rito ay tumpak at totoo sa abot ng aking kaalaman.**  
Oo

**Taxpayer Identification Number (TIN)**  
12-3456789

## **Elektronikong Lagda**

**Ako, si John Doe, ay sumasang-ayon na sumailalim sa mga elektronikong lagda.**  
Oo

**Ako, si John Doe, ay isang Awtorisadong Lumalagda para sa Sample LLC, at tinatanggap ko ang mga tuntunin at kondisyon na nasa itaas.**  
Oo

**Buong Pangalan**  
John Doe

## Mga Madalas Itanong sa Phase 2 ng Kaloob

1. May iba't ibang wika ba ang aplikasyon?
  - Ibinibigay ng NJEDA ang online na aplikasyon sa Ingles at sa Espanyol.
  - Nangontrata ang NJEDA para sa mga serbisyong interpretasyon upang suportahan ang mga nagsasalita ng siyam na karagdagang wika – Arabic, Chinese (kabilang ang Cantonese at Mandarin), Gujarati, Hindi, Italian, Korean, Polish, Portuguese, at Tagalog.
    - o Maaaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa [languagehelp@njeda.com](mailto:languagehelp@njeda.com) upang makatanggap ng tawag sa loob ng isang araw ng negosyo mula sa isang kinatawan na maaaring magpaliwanag ng aplikasyon sa kanilang pangunahing wika.
2. Ano-ano ang kailangan para maging karapat-dapat sa Programa?

Upang maging karapat-dapat para sa Phase 2 ng Programang Kaloob na Tulong Pang-Emergency para sa Maliit na Negosyo, ang aplikanteng entidad ay dapat:

- Nagnenegosyo na noong Pebrero 15, 2020.
  - Kasalukuyang nakarehistro upang magsagawa ng negosyo sa Kagawaran ng Pananalapi ng New Jersey, Sangay ng Pagbubuwis at mga Serbisyong Pangnegosyo (New Jersey Department of Treasury, Division of Revenue and Enterprise Services).
  - May tauhan na hindi mahigit sa 25 Empleyadong Katumbas ng Regular (Full-Time Equivalent Employees o FTE). Ang kahulugan ng FTE ayon sa NJEDA ay nakadetalye sa susunod na tanong.
  - Nasa mabuting katayuan sa Kagawaran ng Paggawa at Pag-unlad ng Manggagawa (New Jersey Department of Labor & Workforce Development o NJLWD).
  - Patunayan sa NJEDA ang layunin nito na gumawa ng puspulang mga pagsisikap na hindi pagbakasyunin o tanggalin ang sinumang manggagawa mula sa panahon ng aplikasyon hanggang anim na buwan matapos ang pagwawakas ng nakadeklarang estado ng kagipitan. Kung pinagbakasyon o tinanggal na ng negosyo ang mga manggagawa mula sa panahon ng aplikasyon, gumawa ng pangakong puspulang pagsisikap na muling pagtrabahuin ang mga pinagbakasyon o tinanggal na manggagawa sa lalong madaling panahon.
  - Patunayan sa NJEDA na ang entidad ay naapektuhan nang masama ng idineklarang estado ng kagipitan dahil sa COVID-19 (hal. pansamantalang nagsara, kinailangang magbawas ng oras, nagkaroon ng hindi bababa sa 20% pagbaba ng kita, naapektuhan nang masama ng mga empleyadong hindi makapagtrabaho dahil sa biglang paglitaw ng virus, o may supply chain na naputol nang malakihan at kaya pinabagal ang produksyon sa antas ng kompanya).
  - Patunayan sa NJEDA na may pangangailangang pinansyal ang entidad bilang resulta ng COVID-19 na hindi mapagtatagumpayan nang walang kaloob, ayon sa ipinapakita ng nawalang kita sa pagitan ng Marso 9, 2020 at sa petsa ng aplikasyon para sa kaloob.
  - Hindi aktibong hindi kasali o ibinukod ng Estado ng New Jersey o ng Pederal na Gobyerno.
3. Ano ang empleyadong Katumbas ng Regular (Full-Time Equivalent o FTE)?
    - Hindi dapat ipagkamali ang empleyadong FTE sa at ito ay hiwalay mula sa patnubay ng Estado tungkol sa regular na empleyado. Para sa mga layunin ng programang kaloob na ito, tinutukoy ng NJEDA ang bilang ng mga empleyadong FTE batay sa pinakabagong nai-file na WR-30 ng entidad. Upang matukoy ang iyong bilang ng mga empleyadong FTE mangyaring bisitahin ang <https://forms.business.nj.gov/grant-2-size/> at ilagay ang iyong pinakabagong nai-file na WR-30 (nakatakda ang mga pag-file para sa Q1 2020 noong Abril 30, 2020).
    - Hindi kabilang sa anumang 1099 na mga independiyenteng kontraktor ang mga empleyadong FTE.

4. Paano tinutukoy ang kaloob na ibibigay sa laki ng aking negosyo?
  - Gagamitin ng NJEDA ang pinakabagong nai-file na WR-30 sa NJLWD (nakatakda ang mga pag-file ng Q1 2020 noong Abril 30, 2020) upang matukoy ang bilang ng mga empleyadong Katumbas ng Regular (FTE) ng entidad.
  - Nakabatay sa bilang ng mga empleyadong katumbas ng FTE ang kabuuang halaga ng kaloob na pagpopondo. Kinakalkula ang mga halaga ng kaloob sa \$1,000 kada FTE, naka-round sa pinakamalapit na bilang ng FTE. Halimbawa, kung ipinapakita ng WR-30 ng entidad ang 2.50 o 2.51 na mga FTE, ituturing ang entidad na mayroong 3 FTE. Kung ipinapakita ng WR-30 ng entidad ang 2.46 na mga FTE, ituturing ang entidad na mayroong 2 FTE.
    - o Ang minimum na halaga ng kaloob kada aplikasyon ay \$1,000
    - o Ang maximum na halaga ng kaloob kada aplikasyon ay \$10,000
5. Kailangan ba ng aking negosyo na mag-file ng 2019 tax return?
  - Hindi kailangang mag-file ng aplikante ng 2019 federal o state tax return nito.
6. Hindi pa nag-file ang aking negosyo ng impormasyon na WR-30 para sa Q1 2020 sa Kagawaran ng Paggawa at Pag-unlad ng Manggagawa. Maaaring karapat-dapat pa rin ba ako?
  - Oo - kung hindi pa nag-file ang entidad ng impormasyon na WR-30 para sa Q1 2020, gagamitin ng NJEDA ang pinakabagong nai-file na WR-30 sa NJLWD.
  - Dapat mag-file ang mga aplikante ng kanilang WR-30 para sa Q1 2020 sa Kagawaran ng Paggawa, dahil sa Abril 30, 2020 ang takdang panahon ng pag-file para sa Q1 2020.
7. Kinakailangan ba ng aking negosyo na mag-file ng buwanang Sales Tax Remittance sa Sangay ng Pagbubuwis ng NJ?
  - Sa pinakamababa, ang mga aplikanteng inaatasang magsumite ng buwanang sales tax data sa Pagbubuwis ay kailangang nagsumite ng kanilang buwanang sales tax data para sa Marso 2020. Mariing hinihikayat ang mga aplikante na magsumite ng kanilang data para sa Abril 2020, dahil noong Mayo 20, 2020 ang takdang araw ng pag-file para sa Abril.
8. Ano ang pinansyal na impormasyong kakailanganin ko upang makapag-apply?
  - Dapat masagot ng isang aplikante ang mga sumusunod na tanong:
    - a. Kailan ang huling nai-file na tax return ng iyong negosyo (2018 o 2019)?
    - b. Batay sa ulat na iyon, ano ang taunang kita ng iyong negosyo ayon sa iniulat sa naturang pag-file?
    - c. Itinuturing bang mahalagang negosyo ang iyong negosyo ayon sa EO 107 ni Gobernador Murphy?
    - d. Nanatili bang bukas ang iyong negosyo, o muling nagbukas ang iyong negosyo, sa panahon ng Marso 2020 - Mayo 2020?
    - e. Kung nagbukas muli ang iyong negosyo sa panahong ito, hanggang sa anong kapasidad (10%, 25%, 50%, 75%, 100%)?
    - f. Magkano ang mga kita ng iyong negosyo mula Marso 2019 - Mayo 2019?
    - g. Magkano ang mga kita ng iyong negosyo mula Marso 2020 - Mayo 2020?
9. Hindi kailangang mag-file ng aking negosyo ng WR-30 (Nag-iisang Pagmamay-ari, Pakikipagsosyo, Iisang-Miyembrong LLC, 1099 Contractor, atbp.). Karapat-dapat ba ang aking negosyo?
  - Kung nagnenegosyo na ang entidad noong Pebrero 15, 2020, ang parehong entidad ay kasalukuyang nakarehistro upang magnegosyo sa Estado, at natutugunan nito ang lahat ng kailangan sa pagiging karapat-dapat, ito ay magiging karapat-dapat.

- Ang entidad na walang nai-file na WR-30 ay magiging karapat-dapat para sa minimum na halaga ng kaloob na \$1,000.
10. Ang kompanya ng payroll ng aking negosyo o ang Professional Employer Organization (PEO) ang nagfa-file ng WR-30 ng aking negosyo; karapat-dapat ba ang aking negosyo?
- Oo - nauunawaan ng NJEDA na gumagamit ang mga negosyo ng mga PEO o mga katulad na provider ng payroll upang mag-file ng kanilang mga WR-30 sa ngalan nila. Sa mga sitwasyong ito, kinakailangan ng mga kompanya ng payroll o mga PEO na magbigay sa NJEDA ng ID o pangalan ng Empleyado, mga linggong nagtrabaho at mga suweldong nakadokumento katulad ng format ng isang WR-30, na kanilang ifa-file sa ngalan ng iyong negosyo.
  - Dapat ibigay ng iyong negosyo ang dokumentasyong ito sa panahon ng proseso ng pagsusuri ng aplikasyon.
11. Ang aking negosyo ay isang organisasyong hindi nagtutubo; karapat-dapat ba ang aking organisasyon?
- Kung nakarehistro ang iyong organisasyon sa IRS bilang isang 501(c)3, 501(c)4, 501(c)7 na hindi nagtutubo, maaaring maging karapat-dapat ang iyong oragnisasyon kung matutugunan mo ang lahat ng iba pang kailangan ng programa.
12. Hinigpitan ng NAICS code ang Phase 1 ng pagpopondo, mayroon bang parehong mga paghihigpit ang phase na ito?
- Walang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ang NAICS code para sa phase na ito ng programa.
13. Nag-apply ako para sa aking negosyo at hindi binigyan ng Kaloob sa unang phase ng programang ito; maaari ba akong mag-apply para sa parehong negosyo para sa ikalawang phase?
- Pinalawak ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa mga negosyo sa ilalim ng Phase 2. Ang mga negosyong hindi naaprubahan sa Phase 1 ng programa ay maaaring maging karapat-dapat para sa Phase 2 at hinihikayat na repasuhin ang mga kailangan sa pagiging karapat-dapat at muling mag-apply kung karapat-dapat.
14. Nag-apply ako para sa kaloob na pondo sa ilalim ng Phase 1 at sinabihan na marami nang nag-subscribe sa programa. Maaari ba akong muling mag-apply para sa parehong negosyo sa pangalawang phase?
- Ayon sa email na dapat ay natanggap mo na mula sa NJEDA, hindi makatanggap ng kaloob na pondo mula sa Phase 1 ang mga negosyong sinabihan na marami nang nag-subscribe sa Phase 1. Upang maging potensyal na maging karapat-dapat para sa kaloob na pondo sa ilalim ng Phase 2, **DAPAT** kang magsumite ng bagong aplikasyon. Hindi isasaalang-alang ang nauna mong aplikasyon mula Phase 1.
  - Kung hindi ka sigurado kung bahagi ang aplikasyon mo sa grupo na maraming nag-subscribe at hindi tatanggap ng kaloob na pondo sa ilalim ng Phase 1, mangyaring bisitahin ang <https://www.njeda.com/about/Public-Information/COVID-19-Assistance-Activity-Reports/Small-Business-Emergency-Assistance-Grant-Activity>.
  - Alinmang negosyo na sinabihang marami nang nag-subscribe sa Phase 1 at karapat-dapat para sa phase 2 ay kakailanganing muling mag-apply para sa Phase 2 upang maisaalang-alang para sa pagkakaloob.
15. Nirerepaso pa rin ang aplikasyon ng aking negosyo para sa Phase 1 na Kaloob; maaari ba akong mag-apply para sa parehong negosyo para sa pagpopondo ng Phase 2?
- Kung kasalukuyang nirerepaso ang isang aplikante sa Phase 1 ng Programang Kaloob, maaari ding mag-apply ang parehong negosyo para sa Phase 2 na Kaloob. Gayunman, ang kaloob na pondo na

maaaring magamit ng negosyo sa Phase 2 ay magdedepende sa kung para sa ilang empleyadong Katumbas ng Regular (FTE) na kaloob na pondo ang maaaring matanggap ng negosyo sa Phase 1. Kung maaprubahan ang negosyo para sa Phase 1 na pagpopondo at may 5 FTE o mas kaunti, hindi makatanggap ang negosyo ng karagdagang pondo sa Phase 2. Kung ang negosyo ay may 6 o mahigit na FTE, maaaring kuwalipikado ang negosyo para sa unti-unting karagdagang pagpopondo. Halimbawa, kung mayroong 8 empleyadong FTE ang negosyo at tumatanggap ng \$5,000 kaloob para sa 5 FTE sa ilalim ng Phase 1, maaaring muling mag-apply ang negosyo para sa karagdagang \$3,000 para sa 3 karagdagang FTE sa ilalim ng Phase 2, ipinapalagay na kuwalipikado ang negosyo sa mga kinakailangan ng Programa.

- Upang maging potensyal na maging karapat-dapat para sa kaloob na pondo sa ilalim ng Phase 2, **DAPAT** kang magsumite ng bagong aplikasyon. Hindi isasaalang-alang ang iyong naunang aplikasyon mula Phase 1 para sa Phase 2.
- Upang matukoy kung nasa ilalim ng pagsusuri ang iyong aplikasyon mangyaring bisitahin ang <https://www.njeda.com/about/Public-Information/COVID-19-Assistance-Activity-Reports/Small-Business-Emergency-Assistance-Grant-Activity>
- Ang aplikasyon ng aplikante para sa Phase 1 na pagpopondo ay hindi binibigyang-karapatan ang aplikanteng iyon sa pagpopondo mula sa Phase 2. Rerepasuhin ang lahat ng aplikasyon para sa Phase 2 ayon sa pagkakasunud-sunod na natatanggap ng NJEDA ang mga natapos na aplikasyon.

16. Tumanggap ang negosyo ko ng pagpopondo sa pamamagitan ng unang phase ng Kaloob na Tulong Pang-Emergency para sa Maliit na Negosyo ng NJEDA. Maaari bang muli akong mag-apply para sa parehong negosyo?

- Maaaring muling mag-apply ang isang entidad na may 6 o higit pang empleyadong FTE para sa unti-unting karagdagang pagpopondo. Halimbawa, kung ang negosyo mo ay may 8 empleyadong Katumbas ng Regular (FTE) at tumanggap ng \$5,000 na kaloob; maaari kang muling mag-apply para sa parehong negosyo para sa karagdagang \$3,000 na ipinapalagay na kuwalipikado ang iyong negosyo sa mga kinakailangan ng Programa.
- Hindi ginagarantiya ng pagtanggap ng pondo mula sa Phase 1 ang pagpopondo mula sa Phase 2. Rerepasuhin ang lahat ng aplikasyon sa Phase 2 na ayon sa pagkakasunud-sunod na ang mga aplikasyon ay natapos at naisumite.

17. Mayroong 5 magkakaibang lokasyon ang aking negosyo; mag-a-apply ba ako nang 5 beses para sa aking negosyo?

- Nakabatay ang isang aplikasyon sa numero ng FEIN ng entidad. Kung mayroong 5 FEIN ang negosyo mo, gaya ng halimbawa sa itaas, magiging karapat-dapat ka na mag-apply nang 5 beses at kailangang mag-a-apply nang hiwalay para sa bawat negosyo (nang sarili nitong FEIN).
- Kung may 1 FEIN ang negosyo mo at may 5 lokasyon, karapat-dapat lamang sa 1 kaloob ang iyong negosyo at maaaring mag-apply nang isang beses lang.

18. May 5 lokasyon ang aking negosyo. Nakaulat ang lahat sa ilalim ng 1 FEIN na may 50 empleyadong Katumbas ng Regular (FTE); maaari ko bang ipamahagi ang mga empleyado ko sa iba't ibang lokasyon?

- Hindi makakaapekto ang lokasyon ng mga empleyado sa pagiging karapat-dapat ng isang aplikasyon. Samakatuwid, hindi maipamahagi ng negosyo ang mga empleyado sa iba't ibang lokasyon upang matugunan ang laki na kinakailangan ng Programa.
- Ayon sa nakasaad sa itaas, nakabatay ang aplikasyon sa FEIN. Bilang resulta, sa halimbawang ito, hindi magiging karapat-dapat ang aplikasyon ng iyong negosyo dahil magkakaroon ka ng mahigit sa maximum na 25 FTE.

19. Ano ang pagbubukod na Eligible Opportunity Zone (Karapat-dapat na Lugar ng Oportunidad)?
- Irereserba ang \$15 milyon para sa mga negosyong may pangunahing lokasyon ng negosyo sa loob ng 715 nakatalagang “Eligible Opportunity Zones.”
  - Upang makakuha ng listahan ng Eligible Opportunity Zones, mangyaring [**ilagay ang mga tagubilin**].
20. Maraming lokasyon ang aking negosyo sa ilalim ng isang FEIN. Ano ang maituturing na pangunahing lokasyon ng aking negosyo?
- Para sa mga layunin ng Programang ito, ang iyong pangunahing lokasyon ng negosyo ay ang address kung saan nagtatrabaho ang karamihan ng iyong mga empleyado. Kung walang isang lokasyon ang may pinakamaraming empleyado dahil may parehong bilang ang maraming lokasyon, ang pangunahing lokasyon mula sa mga lokasyong ito ay ang isa na kumikita ng pinakamalaki. Kung mayroon pa ring maraming lokasyon na tumutugon sa pamantayan, ang pangunahing lokasyon ay ang lokasyon na unang binuksan.
21. Nag-apply ang aking negosyo para sa at/o tumanggap ng tulong sa kalamidad na COVID-19 mula sa Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo (Small Business Administration). Karapat-dapat ba ang parehong negosyo para sa Kaloob?
- Maaari pa ring maging karapat-dapat ang iyong negosyo para sa Kaloob. Sa panahon ng pagproseso ng aplikasyon, hihingin na magbigay ka ng mga detalye sa anumang tulong na natanggap ng iyong negosyo dahil sa Kalamidad na COVID-19 upang matukoy ang pagiging karapat-dapat.
  - Hindi makakapagbigay ng tulong sa kalamidad ang NJEDA para sa parehong layunin, dahil itinuturing itong Nadobleng Benepisyo (Duplication of Benefits) sa ilalim ng batas ng pederal, at dahil hindi na magkakaroon ang iyong negosyo ng pangangailangan para sa kaloob na pondo para sa layuning iyon.
  - Kailangang mayroon ang negosyo ng impormasyong ito. Kakailanganing tapusin ng lahat ng aplikante ang isang sinumpaang pahayag ng Nadobleng Benepisyo na may impormasyon ng ibang tulong sa kalamidad na COVID-19, at kakailanganin ang mga detalye ng kanilang aplikasyon para sa iba pang naturang tulong.
22. Ano ang Nadobleng Benepisyo (Duplication of Benefit o DOB)?
- Nangyayari ang DOB kapag tumatanggap ang isang entidad ng tulong mula sa maraming pinagmumulan para sa parehong pangangailangan. Isang paraan na nangyayari ito ay kung ang pinagsama-samang halaga ng tulong ay lumabis sa mga pangangailangan ng negosyo. Upang maiwasan ang DOB, babawasan ng NJEDA ang halaga ng Kaloob ng halaga ng ibang tulong para sa parehong pangangailangan. Gayunman, kung malaki ang pangangailangan kaysa sa tulong, walang DOB.